Republic of the Philippines
**Department of Environment and Natural Resources**
**MINES AND GEOSCIENCES BUREAU**
**MIMAROPA Region**
7/F DENR Building, 1515 Roxas Boulevard, Ermita, Manila
Telefax No. (+632) 8536-0215 / (+632) 5310-1369
Email: region4b@mgb.gov.ph

ISO 9001:2015 CERTIFIED

17 Marso 2023

**GINOONG JOSE D. DANICO**
Purok 6, Brgy. Calasaguen
Brooke's Point, Palawan
danicojose121@gmail.com
09207717821

**8888 Ticket Reference No. EML-031623-799-001-1**

**G. J. D. Danico:**

Ito ay patungkol sa inyong idinulog na reklamo sa 8888 Citizens' Complaint Hotline noong 16 Marso 2023 na ipinaabot sa aming tanggapan ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) noong 16 Marso 2023 para sa aming nararapat na aksyon.

Ang naturang reklamo ay hingil sa inyong pagtutol sa operasyon ng Ipilan Nickel Corporation (Ipilan), operator ng Celestial Nickel Mining Exploration Corporation (Celestial) sa *mining project* nito sa Brooke's Point, Palawan at ang panawagan na kanselahin ang Mineral Production Sharing Agreement (MPSA) na iginawad sa Celestial.

Nais po naming ipaalam ang mga sumusunod:

1. Ang MPSA No. 017-93-IV ng Celestial ay naaprubahan ng Pangulo ng Pilipinas noong 18 Setyembre 1993 alinsunod sa Executive Order No. 279. Ang nasabing MPSA ay binago bilang MPSA No. 017-93-IV as Amended-2000 noong 10 Abril 2000 na may bisa hanggang 10 Abril 2025 upang umayon sa mga probisyon ng Republic Act (RA) No. 7942 o ang *Philippine Mining Act of 1995*;

2. Ang pagkuha ng Mayor's Permit ay hindi nakapaloob sa mandato ng MGB ayon sa mga probisyon ng RA No. 7942, samakatwid, ito ay hindi isang legal na batayan upang mapawalang-bisa ang MPSA.

Makakaasa po kayong ang aming tanggapan, sa pakikipagugnayan sa iba pang ahensya ng Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman at lokal na pamahalaan ng Brooke's Point, Palawan, ay patuloy na mahigpit na susubaybayan ang lahat ng mga aktibidades ng Ipilan. Kasama na rito ang iba pang isyu sa pagmimina sa probinsya ng Palawan alinsunod sa mga kaugnay na batas at mahigpit na probisyon

sa pangangalaga ng kapaligiran at paggamit ng mga yamang mineral ng bansa.

Lubos na gumagalang,

**GLENN MARCELO C. NOBLE**
Regional Director

031723-R04B-0707
Letter
3-17-2023
MINES AND GEOSCIENCES BUREAU
MIMAROPA Region

cf: **8888 Citizens' Complaint Hotline**
Office of the President
**Ticket Reference No. EML-031623-799-001-1**

**DENR Action Center/Hotline**
Department of Environment and Natural Resources
Visayas Avenue, Diliman, Quezon City

**The Regional Executive Director**
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region

**The PENRO**
Provincial Environment and Natural Resources Office
Palawan

**The CENRO**
Community Environment and Natural Resources Office
Brooke's Point, Palawan